



Pagkaakit sa Kaligrapiyang Hapon

～ Kinapanayam ng Mimitaro si G. Stanislav Usov, isang estudyante ng kaligrapiya (*shodou*) mula sa Higashiomi City. ～



Dumating ako sa Japan may 4 na taon na ang nakakalipas mula sa Russia at kasalukuyang pumapasok sa *Tankai School of Calligraphy*. Ang sitwasyon sa paligid ng aking pamilya at bansa ang humikayat sa akin upang mag-aral ng kaligrapiya (*shodou*) sa Japan.

Nagkaroon ng malaking reporma sa sistemang pang-politikal ang Russia nang mga nakaraang taon. Noong rebolusyon ng taong 1917, ang imperyo ng Russia ay naging *Union of Soviet Socialist Republic*, subalit ito ay bumagsak noong 1991 at pinalitan ng *Russian Federation*. Kahit maaari nang malayang masiyahan sa sari-saring kultura, ang pagiging sosyalistang bansa ng Russia noong panahon ng Soviet ay naging dahilan upang ito ay mabukod sa ibang parte ng mundo at walang maging anumang relasyon sa mga kapitalistang bansa. Ang ugnayan sa Japan, na isa sa ilang kaibigang bansa nito noon, ay isang mahalagang pagkakataon upang ang mga mamamayan ng Russia ay magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa banyagang kultura. Kapag ang aking lola ay nagkaroon ng mga bagay na tulad ng kalendaryong Hapon, ito ay kanyang itinatago kahit ito ay gamit na, ginugupit niya ang mga larawan at ginagawang dekorasyon, o kaya naman ay ipinamimigay sa kanyang mga kaibigan. Pati ang aking mga magulang na parehong pintor ay nagsaliksik ukol sa sining at mga kaalaman ng Silangan habang nag-aaral sa unibersidad. Ang aking ama ay nagsanay rin ng *judo*. Lumaki ako sa pakikinig sa maraming kuwento ukol sa Silangan mula nang ako ay bata pa.

Nag-aral ako sa unibersidad at graduate school ng 8 taon sa Matematika at may ispesyalidad sa *information security management*. Gayunman, ang aking hilig sa kasaysayang Hapon, kultura at wika ay lalo pang nadagdagan nang ako ay nasa unibersidad. Nag-aral akong mag-isa ng Nihongo at inasam ko na makapagsaliksik ukol sa kultura ng Silangan. Dahilan sa ito ay batay sa wika, ang kaligrapiya (*sho*) ay hindi pangkaraniwan sa mga dayuhan, subalit ako ay naakit dito noong una pa lamang. Desidido ako na ito ay subukan. Pagkatapos sa graduate school, nagpunta ako ng Japan upang kilalanin ang kulturang Hapon. Nag-aral muna ako ng Nihongo sa isang paaralan sa Osaka sa loob ng 2 taon. Habang naranasan ko ang iba't-ibang kultura ng Japan, ang aking pagkahilig sa *shodou* ay hindi nawala at nagpasya akong mag-aral sa *Tankai School of Calligraphy*.


Ito ang unang pagkakataon na ako ay makaranas ng *shodou*. Dahilan sa ang *Kanji* ang siyang sentro ng kaligrapiya, ito ay maaaring maging mahirap para sa mga dayuhan, subalit para sa akin, ang *Kanji* ang nagbibigay rito ng pang-akit. Maraming mabubuting tao akong nakilala habang nag-aaral ng *shodou* sa

paaralang ito at ang aking paghanga ukol dito ay mabilis pang lumawak at nabuo, at lalo kong naunawaan kung bakit ako naakit sa kaligrapiya.

Ang kaligrapiya, na nagmula sa China, ay isang sining ng mga hugis na ipinakilala sa Japan kasabay ng *Kanji*. Mayroon pa ring ibang bansa na may kultura ng masining na pagsulat ng mga titik, subalit sa modernong lipunan ngayon, naging pamantayan na ang pagiging sapat na mabasa kung ano ang nakasulat. Kahit noong panahon ng imperyo ng Russia, ang mga taong nasa mataas na lipunan ay nagsanay ng sining ng pagsusulat, subalit ito ay hindi binigyang-halaga noong panahon ng sosyalismo at dito ay naglaho ang kamalayan sa magandang pagsulat.

Ang paggamit ng tinta at pinsel (*brush*) sa pagsulat, sa halip na mga panulat tulad ng bolpen at lapis, ay nagbubukod tangi sa kaligrapiya. Sa paggamit ng mga kagamitang ito, ang mga isinulat na linyang makakapal at manipis ay nagpapakita ng enerhiya ng nagsulat at isang paraan ng kanyang pagpapahayag. Ito ay tinatawag rin bilang “sining ng guhit”. Ang isang magandang likhang sining ay sinasabing hindi lamang bunga ng kakayahan ng gumawa nito kundi dahil rin sa “*Bunboshiho*” o ang “4 na mahalagang kagamitan ng kaligrapiya”, tulad ng “brush” (*fude*), papel (*washi*), tinta (*sumi*) at “ink stone” (*suzuri*) na lahat ay napakahalaga. Tulad ng kasabihan na ang “Ang katauhan ng isang tao ay makikita sa paraan ng kanyang pagsulat”, ang isang likhang sining ay naglalarawan ng kanyang indibiduwalidad at mararamdaman pati na ang kanyang bawat paghinga. Bukod pa rito, ang kaligrapiya ay nakawiwili dahil maaaring makita ng isang tumitingin rito ang kanyang sariling pagkatao.

Sa isang kulturang may mahabang kasaysayan, maraming paraan ng pagsusulat depende sa panahon. Isa sa aking paborito ay ang “*Reisho*” (*clerical script*), isang paraan ng pagsulat ng mga dokumento na ginamit ng mga opisyal ng



“Reisho” style ni G. Usov

pamahalaan noong araw. Nang panahon ng Taisho, ito ay isang malinis na paraan ng pagsulat na ginamit sa mga karatula at sa *kanji* na “千円” na nakasulat sa mga salaping papel na 1,000 yen.

Pumunta ako rito sa Japan sa paghahanap ng kaalaman sa kaligrapiya, subalit hindi ako maaaring basta na lamang umalis buhat sa *Ryugu-jo* (palasyo sa ilalim ng dagat) upang bumalik sa aking pinanggalingan tulad ni “*Urashima Taro*”. ※(Tingnan ang susunod na pahina) Anumang daan ang aking piliin mula rito, patuloy akong mag-aaral ng kaligrapiya, na itinuturing kong isang kaibigan habang buhay. At kung magkakaroon ng pagkakataon, masisiyahan ako kung aking maihahayag ang ukol sa pang-akit ng kaligrapiya.



Magbabago ang paraan ng pagtatrabaho

(Simula Abril, 2019)

◆ Pasisimulan ang regulasyon sa pinakamahabang oras na maaaring mag-overtime

(Ang maliliit hanggang katamtamang mga negosyo ay magsisimula mula Abril, 2020)

Bilang pangkalahatang tuntunin, ang pinakamahabang limitasyon sa pagtatrabaho ng overtime ay magiging 45 oras bawat buwan, 360 oras bawat taon. Kahit na sa mga natatanging kaso, kinakailangang magtakda ng limit na 720 oras bawat taon, mas mababa sa 100 oras bawat buwan (kasama ang trabaho sa piyesta opisyal), at ang maramihang buwanang pamantayan na 80 oras (kasama ang trabaho sa piyesta opisyal).

◆ Kinakailangang siguruhin ang pagkuha ng taunang bayad na bakasyon !

Bilang alituntunin, ang taunang bayad na bakasyon ay ibinibigay sa oras na ito ay hilingin ng manggagawa, subalit dahil sa pagsasaalang-alang ng mga bagay na may kinalaman sa trabaho at iba pa, may mababang porsiyento ng pagkuha nito sa ilalim ng kasalukuyang kalagayan. Dahil dito, mahalagang ang lahat ng employer ng mga kumpanya ay magtakda ng panahon kung kailan maaaring makakuha ng 5 araw mula sa araw ng kanilang taunang bayad na bakasyon ang mga manggagawang mayroong 10 o higit pang araw ng taunang bayad na bakasyon at siguruhing ito ay gamitin ng manggagawa.

Hindi na kailangang magtakda ng panahon ukol sa pagkuha ng taunang bayad na bakasyon ang mga employer para sa mga manggagawang nakagamit na ng 5 o mahigit pang araw ng taunang bayad na bakasyon,

☛ Ang bayad na bakasyon ay binabatay sa bilang ng taon ng serbisyo. Ang manggagawa ay gagawa ng kahilingan sa kanyang employer kung kailan niya ito nais na gamitin.

Ministry of Health, Labor and Welfare multilingual reference: (Iba't-ibang wika)

https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/koyou_roudou/roudoukijun/foreign/index.html

Alam nyo ba kung anong mga aktibidad ang mayroon sa mga community centers?

~Sumubok ng mga bagong bagay!~

Ang community at civic center ay mga pasilidad na maaaring magamit ng mga mamamayan para sa mga pampublikong aktibidad na tulad ng pag-aaral at pagtitipon ng sari-saring grupo. Mayroon ding klase sa personal computer, kalusugan, yoga, kaligrapiya, *ikebana*, pag-aaral ng Ingles, at maaari rin itong gamitin bilang isang lugar kung saan maaaring manatili ang mga bata, para sa mga aktibidad ng mga samahan ng mga mamamayan at para sa mga kursong magagamit sa panghabangbuhay. Madali ang pagsali, hindi kailangang magbayad ng mahal, at makakakilala pa kayo ng mga bagong kaibigan. Magtanong ukol sa mga uri ng aktibidad sa mga munisipyo at community center! Para sa mahilig sa sports, may mga klase at aktibidad ng grupo na tulad ng gymnastics, judo, badminton, table tennis, volleyball, swimming, atbp. na ginaganap sa mga gym ng munisipyo at prepektura. Magtanong sa mga munisipyo at iba pang pampublikong pasilidad para sa mga detale.

“Urashima Taro” (Ang Urashima Taro ay isang kilalang katutubong kuwento sa Japan).

Noong unang panahon, mayroong isang mangingisda na nagngangalang Urashima Taro.

Isang araw, tinulungan ni Taro ang isang pagong na pinaglalaruan ng mga bata sa may tabingdagat. Bilang gantimpala, isinakay ng pagong si Taro sa kanyang likuran at siya ay dinala nito sa palasyo ng “Ryugu-jo” sa ilalim ng dagat. Sinalubong siya ng prinsesang si Otohime at ito’y nagbigay ng isang masaganang pista ng masasarap na pagkain at pagkakaaliwan. Makaraan ang ilang panahon, nangulila si Taro at naalala niya ang kanyang tahanan. Sinabi niya kay Otohime na nais na niyang bumalik dito. Binigyan siya ng prinsesa ng isang mahalagang kahon at binilangang huwag itong bubuksan kailanman.

Nang siya ay makabalik na sa kanyang bayan, nalaman niyang wala na ang dati niyang mgakakilala. Habang si Taro ay nasa Ryugu-jo sa ilalim ng karagatan, lumipas ang katumbas ng ilampung taon sa mundo sa ibabaw ng dagat. Dahil sa sobrang lungkot, binuksan niya ang kahon at dito ay lumabas ang usok na nagpabago ng anyo ni Taro bilang isang napakatandang lalaki.



Mga Hakbang sa Tulong-Pinansyal sa Pagpapaaral



~ Ang pagsumite ng My Number ay kakailanganin na simula Abril 2019 ~

Ngayon ay kailangan nang isumite ang My Number kapag mag-aaplay para sa “Suportang Pondo para sa Tuition sa High School,” “Karagdagang Pondo sa Pagpapaaral,” at “Tulong-Pinansyal sa Pagpapaaral ng mga Mag-aaral ng mga Paaralan para sa mga may Espesyal na Pangangailangan.”

◆ Suportang Pondo para sa Tuition sa High School (Koutou gakkou tou shugaku shien kin)

- Isang sistema ng pagbibigay ng tulong-pinansyal kung saan susuportahan ng estado ang pagbayad ng tuition sa high school.
- Para sa mga modelong sambahayan na may taunang kita na mas mababa sa JPY 9.1 milyon (Ang kabuuan ng prefectural tax at municipal tax (base sa suweldo) ay dapat mas mababa sa JPY 507,000)
- Mag-aplay sa paaralan kung saan papapasukin ang mag-aaral.
- Ang suportang pondo para sa tuition ay tatanggapin ng paaralan at hindi ibibigay sa mga magulang o mga tagapag-alaga (Maaaring maiba ang proseso depende sa pamamalakad sa mga pribadong paaralan).

☛ Mga Hakbang sa Suportang Pondo para sa Tuition sa High School (Multilingual)

http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/mushouka/detail/1342886.htm

◆ Karagdagang Pondo sa Pagpapaaral (Koukousei tou shougaku kyuufukin)

(Karagdagang Tulong-Pinansyal sa Pagpapaaral para sa mga Mag-aaral sa High School)

- Isang sistema ng pagbibigay tulong-pinansyal sa mga bayarin maliban sa tuition ng high school (Hindi kailangang ibalik ang bayad).
- Para sa mga sambahayan na hindi nasasakop sa pagbabayad ng prefectural at municipal tax (base sa suweldo)
- Dapat ay mag-aplay ang mga magulang o mga tagapag-alaga sa munisipyong kanilang tinitirhan (Mag-aplay sa paaralan kung papasok ang mag-aaral sa isang paaralan sa Shiga Prefecture).
- Ang mga magulang o mga tagapag-alaga ang karaniwang tatanggap sa tulong-pinansyal (Maaaring maiba ang proseso depende sa pamamalakad sa mga pribadong paaralan).



Info Suportang Pondo para sa Tuition sa High School at Karagdagang Tulong-Pinansyal sa Pagpapaaral para sa mga Mag-aaral sa High School

(Mga pampublikong paaralan) High School Education Section, Shiga Prefecture Board of Education:
Tel. 077-528-4587

(Mga pribadong paaralan) Private Schools & Universities Promotion Section, Shiga Prefecture General Affairs Department: Tel. 077-528-3271

◆ Tulong-Pinansyal sa Pagpapaaral ng mga Mag-aaral ng mga Paaralan para sa mga may Espesyal na Pangangailangan (Tokubetsu shien gakkou no jidouseito ni taisuru shugaku shorei-hi)

- Isang sistemang nagbibigay ng bahagi o kabuuang tulong-pinansyal para sa pagpapaaral sa mga paaralan para sa mga may espesyal na pangangailangan, alinsunod sa laki ng suweldo ng sambahayan.
- Ang mga magulang o mga tagapag-alaga ng mga mag-aaral na pumapasok sa isang paaralan para sa mga may espesyal na pangangailangan ay maaaring tumanggap ng benepisyong ito.
- Mag-aplay sa paaralan kung saan papapasukin ang mag-aaral.
- Ang mga magulang o mga tagapag-alaga ang karaniwang tatanggap sa tulong-pinansyal sa pagpapaaral.

Info Special Educational Support, Shiga Prefecture Board of Education: Tel. 077-528-4641

**Ang mga numerong nakalista rito ay nagbibigay lamang ng suporta sa wikang Hapon.*

▲ Ano ang My Number?

- * Ang My Number ay isang 12-digit na numero na ibinibigay sa bawat rehistradong residente sa Japan.
- * Maaaring kumpirmahin sa Certificate of Items Stated in Resident Register ang iyong My Number Card, My Number Notification Card, at My Number.
- * Tumungo sa iyong lokal na munisipyo kung sakaling mawala ang iyong My Number Card o My Number Notification Card.

☛ My Number (Multilingual) <https://www.cao.go.jp/bangouseido/foreigners/index.html>

Impormasyon tungkol sa mga Event

◆ 04/01 (Lunes) – 10/30 (Miyerkules)

Okishima Monte Cruise

Guided cruise sa Okishima (40 min)

Pantalan ng mga isda sa Okishima

Matanda: JPY 1,600; Estudyante sa Elementarya: JPY 800

[Info] Konseho para sa Promosyon ng Malalayong Isla ng Bayan ng Okishima: Tel. 0748-32-5589

◆ 04/19 (Biyernes) – 4/20 (Sabado)

Minakuchi Hikiyama Festival

Minakuchi-jinja Shrine (3-14 Miyanomae, Minakuchi-cho, Koka-shi)

Ang Minakuchi-bayashi ay tinutugtog sa ibabaw ng magagarbong hikiyama float

[Info] Samahan para sa Turismo ng Lungsod ng Koka: Tel. 0748-60-2690

◆ 04/22 (Lunes) Korei Taisai (Taga Festival)

Taga-taisha Shrine (604 Taga, Taga-cho, Inukami-gun)

Pagdiriwang kung saan may 400 tao at 40 na nakakabayo

[Info] Samahan para sa Turismo ng Taga: Tel. 0749-48-1553

◆ 04/28 (Linggo) ika-51 na Kusatsu Shukuba Festival

Sa mga kalye ng Tokaido at Nakasendo sa paligid ng JR Kusatsu station at sa paligid ng Kusatsu City Hall

Mga parada, tindahan, at pagtatanghal sa entablado

[Info] Opisina ng Executive Committee ng Shukuba Festival: Tel. 077-566-3219

◆ 05/18 (Sabado) 14:00 – 16:00

Pipe Organ Gala Concert

Bungei Seminario (777 Kuwanomidera,

Omi-hachiman-shi) JPY 500

[Info] Opisina ng Niji no Kai: Tel. 090-2013-6404

◆ 06/01 (Sabado) – 06/02 (Linggo)

GyuU Poke sa Shiga Ryuo: Ika-6 na Pandaigdigang Tiangge!

Dragon Hat Ryuo-cho General Sports Park

(3282 Okaya, Ryuo-cho, Gamo-gun)

Bilihan ng mga antique na kagamitan at gawaing-kamay

[Info] Executive Committee ng GyuU Poke: Tel. 080-5364-2345



Ang panahong Heisei (平成) ng Japan ay magtatapos sa Abril 30. Iluluklok sa trono ang bagong emperador sa Mayo 1, at magsisimula ang bagong panahong “Reiwa (令和)”.

Mga Karanasang Kulturang Hapon sa Otsu

◆ Sayaw Espada (Kembu) [Kailangan ng reserbasyon]

Sayaw Espada ng mga Shoga Samurai

(1-4-6 Asahigaoka, Otsu-shi)

Matanda: JPY 4,000; Bata (12 anyos at pababa): JPY 3,000

[Info] Samurai Kembu: Tel. 075-751-2033



◆ Mii-dera Temple Experiential Course

[Kailangan ng reserbasyon]

Mii-dera Temple (246 Onjoji, Otsu-shi)

Karanasang Buddhist Monk: JPY 10,000;

Zen meditation: JPY 1,000

Pagkopya ng sutra at pag-trace ng imaheng Buddhist: JPY 1,000

Paggawa ng bead bracelet: JPY 1,000

Ang Eksibisyon ng mga Ilustrasyon ng Buddha ng mga Manga Artist ay gaganapin hanggang Mayo 19.

[Info] Punong Templo ng Mii-dera: Tel. 077-522-2238

◆ Paggawa ng Matatamis na Pagkaing Hapon

[Magpareserba apat na araw bago pumunta]



Sunai no Sato (4-2-1 Oishiryumon, Otsu-shi)

JPY 2,700

[Info] Sunai no Sato: Tel. 077-546-3131



◆ Pagsuot ng Kimono/Hakama/Junihitoe

Omi-jingu Shrine (1-1 Jingu-cho, Otsu-shi)

Kimono/Hakama: (1 oras) JPY 1,000 / (3 oras) JPY 2,000

Junihitoe: [Kailangan ng reserbasyon] (30 minuto) JPY 1,000

[Info] Omi-jingu Shrine: Tel. 077-511-4357

Impormasyon mula sa SIA

Pagsasanay ng mga Care Worker sa Shiga Prefecture

Magbibigay ng pagsasanay sa mahahalagang caregiving skill sa prepektura ng Shiga upang makapagtrabaho ang mga dayuhan sa mga nursing home.

Nilalaman: Panimulang pagsasanay para sa pagiging care worker

Para kanino: Mga dayuhang nakatira sa prepektura (gaganapin sa 2 lugar sa prepektura)

*Walang bayad ang pagsasanay, ngunit kailangang gumastos para sa mga libro.

[Info] Machikado Care Shiga Net (Konan area): Tel. 0748-60-2899

Konseho para sa Kagalingang Panlipunan ng Lungsod ng Nagahama (Kohoku area): Tel. 0749-78-8294

◆ Pagtanggap ng mga Aplikanteng Dayuhang

Mag-aaral para sa Biwako Scholarship Taong 2019

Para kanino: Mga international student at mag-aaral sa junior college at mga unibersidad na nakatira sa prepektura

Sumangguni sa application guidelines para sa taong 2019.

<http://www.s-i-a.or.jp>

[Info] Samahang Internasyonal ng Shiga: Tel. 077-526-0931

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay ilalathala sa Hulyo.